



Black Sabbath Effect

Matagal na pinagmasdan ni Sebastian ang harap ng ancestral house nila. Parang ngayon pa lang ay pinagsisisihan na niyang pumayag siyang pumunta rito para samahan ang Lola Roselia niya. Hindi pa man siya nakakapasok sa loob ay nilulukob na agad siya ng matinding pagkainip. Sobrang boring ng lugar na ito. Para sa isang tulad niya na lumaki sa maingay na lugar na gaya ng Maynila, labis-labis siyang naninibago rito.

Malayo ang bahay sa bayan. Walang mga tao sa paligid. Walang mga gusali o kapitbahay man lang. Puro matatandang puno at matataas na damo lang ang katabi nila. Wala

ring malalakas na tugtugan o ingay ng mga sasakyan. Sobrang tahimik ng lugar na daig pa ang sementeryo.

Pero wala siyang magagawa. Ito ang kauna-unahang beses na humingi ng pabor sa kanya ang Tito Delfin niya na siyang nagpalaki sa kanya.

Mahigit sampung taon na siyang ulila. Namatay sa cancer ang kanyang ama at namatay naman sa aksidente ang kanyang ina. Ang Tito Delfin niya ang kaisa-isang kumupkop noon sa kanya at tumayong magulang niya hanggang sa maka-recover siya sa labis na kalungkutan.

Matagal na rin niyang naririnig ang pangalan ng kanyang Lola Roselia. Madalas itong ikuwento sa kanya ni Tito Delfin, ngunit kahit kailan ay hindi pa niya ito nakita. Noong mga panahon kasing iyon, hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na makasama rito tuwing umuuwi ito sa probinsya nila sa Zamboanga. Abala kasi siya sa pag-aaral.

Kung kailan nakapagtapos na siya at may maganda nang trabaho, saka naman siya tinawagan ng Tito Delfin niya para pauwiin dito.

Nasa Amerika ang buong pamilya ng kanyang tiyuhin at ito lang ang naiwan dito sa Pilipinas para magbantay sa kanyang lola.

Tinawagan ito ng asawa nito at sinabihang magbakasyon muna ito sa Amerika kahit isang taon lang para magkasama-sama silang pamilya. Hindi naman kasi puwedeng habang panahon ay nakakulong lang si Tito Delfin sa lumang bahay na iyon at nagbabantay sa matanda. Kailangan din nitong makasama ang sarili nitong pamilya.

Kaya naman hindi na nakatanggi si Sebastian sa pabor na hiningi ng tiyuhin, lalo na't marami nang ginawa para sa kanya ang lalaki. Kahit ayaw niya ay pumayag siya na samahan ang abuela. Padadalhan na lang daw siya ng pera buwan-buwan para sa mga pangangailangan nila.

Noong nakaraang linggo pa nakaalis ang tiyuhin patungong Amerika. Ang kasama ng lola niya sa bahay ay isang kakilala ni Tito Delfin na pinakiusapan lang ng kanyang tito na mag-stay muna roon nang ilang araw habang wala pa siya.

First time niyang pumunta rito sa probinsya nila sa Zamboanga. Ilang beses pa siyang naligaw kanina. Mabuti na lang at mababait ang mga taong napagtanungan niya kaya narating niya nang ligtas ang liblib na baryong ito kung saan nakatayo ang ancestral house nila.

Hindi na rin siya gaanong nahirapang

hanapin ang bahay nila nang makarating siya sa baryo dahil may litrato na siya ng harapan niyon, na ibinigay sa kanya ni Delfin.

Ilang beses siyang nag-alangan bago tuluyang tumapak papasok ng gate. Nakita niyang bukas ang pinto kaya tumuloy na siya sa loob ng bahay. Una niyang hinanap ang sinasabing kakilala ng kanyang tito, si Aling Lucy.

Isa itong ale na sa tantiya niya ay nasa mid-fifties na. Nakita niya itong naglilinis sa sala. Bumungad pa sa kanya ang mga antigong kagamitan at mga lumang paintings sa paligid.

Natuwa naman ang babae nang makita siya. “Naku! Ikaw na ba ’yung sinasabi ni Delfin? Ikaw na ba si Sebastian?”

“Opo. Ako nga po,” mabilis na sagot niya.

“Naku! Sayang, hindi ko inaasahang maaga ka palang makakarating! Dapat pala kanina pa lang, nagluto na ako!” Dali-dali itong lumapit sa kanya at itinabi muna ang walis. “Halika! Sasamahan kita sa taas. Nandoon ang lola mo.”

Tahimik lang siyang sumunod dito.

Nang makarating na sila sa ikalawang palapag, bumungad sa kanya ang mahabang pasilyo. Sa bandang dulo niyon, may isang silid na bahagyang nakabukas ang pinto. Bukod doon, may dalawang pinto pa sa magkabilang

gilid niyon.

Nagsimula ring makarinig si Sebastian ng malakas na tugtugan mula sa kuwartong nasa dulo. Ayon kay Aling Lucy, nandoon daw ngayon ang Lola Roselia niya at nakikinig sa paborito nitong kanta.

“Ikaw na muna ang pumunta sa kanya. Magluluto lang muna ako para makakain na kayo. Lalo ka na dahil siguradong mahaba ang biniyahe mo.”

Ayaw sana niyang magpaiwan pero ang bilis bumaba ng ale. Wala na siyang nagawa. Dahan-dahan na lang siyang naglakad habang unti-unting lumalakas ang kakaibang musika na nanunuot sa tainga niya.

Hindi siya pamilyar sa kantang iyon, pero sa tingin niya ay isa iyong heavy metal song. Bahagya siyang kinilabutan sa mga heavy guitar riffs na dumadagundong sa paligid. Pakiramdam ni Sebastian ay pumapasok siya sa pintuan ng impiyerno.

Hanggang sa bigla niyang narinig ang boses ng vocalist.

What is this that stands before me?

Figure in black which points at me

Turn 'round quick and start to run

Find out I'm the chosen one

Oh, no

Pagkatapos niyon ay sumingit muli ang

nakakatakot na guitar riffs.

Bakit kaya ganito ang tugtugan ng lola niya? Mas matatanggap pa siguro niya kung mga classical 80s songs ang pinakikinggan nito.

Sa bagal ng kanyang paglakad ay hindi na niya namalayang nasa harap na siya ng nakabukas na pinto. Nadagdagan ang kaba ni Sebastian. Hindi niya alam kung paano haharap sa matanda oras na pumasok siya sa silid na iyon. Mas lumakas din sa pandinig niya ang mabigat na tugtugan.

Gayunpaman, dahan-dahan siyang kumatok sa pinto saka ito maingat na mas binuksan pa. Nakita niya ang isang payat na matandang babae na nakasuot ng pulang daster. Nakaupo ito sa harap ng isang vinyl player kung saan nanggagaling ang musika. Tila isang home office ang kuwartong iyon, pero walang masyadong laman.

Agad itong napaligon sa kanya nang tuluyan niyang ilantad ang sarili. Bahagyang nanlaki ang mga mata ni Lola Roselia at may ilang segundong nakipagtitigan sa kanya. Siya naman ay hindi alam kung paano ito kakausapin.

“Sino ka?” mayamaya ay tanong ng matanda.

“M-magandang umaga po, Lola. Hindi pa po

ba naipapakita sa inyo ni Tito Delfin Marquez 'yung litrato ko? Ako po ito, si... Sebastian po. Ang apo n'yo po."

Nagulat ang matanda at mabilis na tumayo. "Ikaw si Sebastian? Ang aking apo?"

Isang matipid na ngiti ang itinugon niya. Tuwang-tuwa namang lumapit sa kanya si Lola Roselia at binigyan siya ng mahigpit na yakap.

Isang yakap lang din ang itinugon niya. Agad din siyang kumalas dito dahil nahilo siya sa mapanghing amoy ng matanda.

"Mabuti at nakarating ka na. Ang tagal kitang hinintay," anito. "Naalala ko na. Ikaw nga pala ang sinabi ni Delfin na magbabantay sa akin dito habang wala siya."

"Ganun nga po," matipid na sagot ni Sebastian. Hindi pa rin siya masaya na nandoon na siya.

Malakas pa naman pala ang abuela. Malakas pa ang boses nito, di gaya ng ibang matanda. Nakakalakad pa rin ito nang maayos bagama't hindi na diretso ang likod. Kamangha-mangha pa rin na umabot na ito ngayon sa edad na 96.

Bahagyang hininaan ng matanda ang pinapatugtog. "Pasensya ka na rito, apo. Paboritong kanta ko kasi ito. Araw-araw ko itong pinapatugtog."

Ang dami pang mga ikinuwento sa kanya ng matanda na karamihan ay tungkol sa probinsya nila. Tahimik lang siyang nakikinig dito. Mabuti na lang ay umakyat muli si Aling Lucy at pinapababa na sila.

“Luto na po ang pagkain! Sabay-sabay na tayo!”

Medyo nakahinga si Sebastian nang maluwag dahil doon. Saktung-sakto kasi medyo kumakalam na nga ang sikmura niya.

Kahit sa hapag-kainan ay panay pa rin ang kuwento ng lola niya. Hindi ito nauubusan ng kuwento. Hinahayaan lang niya ito. Narinig kasi niya noon na mas okay daw sa matatanda ang nagkukuwento nang ganito para manatiling nasa memorya nila ang mahahalagang pangyayari sa buhay nila, at para hindi sila agad mag-ulyanin.

Pagkatapos nilang kumain, sinamahan niya itong umakyat muli sa taas. Nagtungo sila sa silid sa bandang dulo at umupo uli si Lola Roselia sa harap ng vinyl player. Nagpaalam naman siya rito at sinabing tutulong lang sa pagliligpit sa kusina. Pumayag naman ito.

Kahit papaano, nawala ang pagkailang ni Sebastian dahil si Aling Lucy na ang kausap niya. Naghuhugas ito ng mga pinggan habang siya ay nakaupo sa harap ng lamesa. Tamang kuwentuhan lang din sila.

“Mamaya pala ililibot kita sa buong bahay para hindi ka gaanong manibago rito. Tapos, ibibigay ko rin sa 'yo 'yung mga gamot na kailangang inumin ni Lola mo araw-araw. At sana marunong ka ring magpalit ng diaper niya dahil madalas umihi ang matandang iyan.”

Napakamot na lang ang binata sa ulo dahil sa mga narinig. Nakalimutan niyang kailangan din nga pala niyang bihisan, linisan, at palitan ng diaper ang matanda araw-araw. Hindi pa naman siya sanay sa ganoong mga gawain.

“Aling Lucy, hindi ho ba kayo puwedeng mag-stay rin dito kasama namin?”

“Naku, hindi, hijo, eh. Kailangan ko rin kasing bantayan 'yung mga apo ko sa bahay. Pinagbilin ko nga lang muna sila ngayon sa mga kakilala ko roon. Pero siyempre, iba pa rin kapag ako ang kasama nila.”

“Naiintindihan ko po. Parang hindi ko lang kasi kaya na mag-isa rito, eh. Gusto ko rin sana ng makakasama sa pag-aalaga kay Lola.”

“Naku! Huwag kang mag-alala, ituturo ko mamaya sa 'yo ang lahat ng kailangan mong gawin. Pasensya na lang talaga na hindi kita masasamahan dito. May mga ginagawa rin kasi ako sa bahay, bukod pa sa pagbabantay sa mga apo ko. Pero puwede mo naman akong tawagan kung sakaling magpapalit na ng diaper si Lola Roselia. Kahit ako na lang ang

gagawa niyon.”

“Sige po. Okay lang po. Nauunawaan ko po,” dismayadong sabi ni Sebastian. “Pero, Aling Lucy, bakit kaya hindi na lang isinama ni Tito Delfin si Lola sa America? Puwede naman iyon, di ba?”

Umiling lang ang ale. “Naku! Sa lagay ng lola mo ngayon, hindi na niya kayang bumiyahe nang ganoon kalayo.”

“Pero mukhang malakas pa naman po siya. Kita n’yo naman kanina, diretso pa rin ang pananalita niya. Tapos mukhang malakas pa rin naman ang mga tuhod niya.”

“Oo nga. Malakas pa nga siya rito sa loob ng bahay. Eh, paano kapag nasa biyahe na siya? Nasa eroplano na? Baka hindi na niya kayanin ’yon! Saka isa pa, hindi na rin puwedeng umalis dito si Lola mo. Ayaw na niya. Hindi niya kasi puwedeng iwanan ’yung tugtugan niya roon sa ’taas.”

“Tugtugan?” Naalala niya ang vinyl player nito sa silid na iyon. “Ano naman po ang meron doon?”

“Alam mo kasi, kahit ako nagtataka na rin, eh. Sobrang mahal na mahal ni Lola mo ’yung tugtugan niyang iyon. Araw-araw nga niyang pinapatugtog iyon, eh. Walang hintuan. Literal! Hindi raw kasi niya puwedeng ihinto ang pagpapatugtog doon.”

“Bakit naman daw po?”

“Dahil iyon daw ang ikamamatay niya!”

Nangunot ang noo ni Sebastian. “A-ano po?”

Napalingon na sa kanya si Aling Lucy. “Kapag daw kasi hininto niya ‘yung pagpapatugtog sa kantang iyon, mamamatay na raw siya. Iyon na lang daw ang bumubuhay sa kanya. Kaya hindi raw puwedeng mahinto ang pagpapatugtog niya sa kantang iyon. Ewan ko ba! Kahit ako, sawang-sawa na sa tugtuging iyon. Kaya nga ayoko nang umakyat d’yan sa taas, eh!”

Nakuha ng paksang iyon ang buong atensyon ni Sebastian. Ano kaya ang meron sa kantang iyon at bakit hindi ito puwedeng ihinto sa pagpapatugtog?

Nabanggit na sa kanya ni Aling Lucy ang dahilan, pero tinanong pa rin niya ang abuela tungkol doon.

Hapon na nang mga oras na iyon. Nakauwi na si Aling Lucy kaya silang dalawa na lang maglola ang naroroon.

“Ito ang bandang pinakikinggan ko mula noong makahiligan ko ang musika, apo. At ito naman ang pinakagusto ko sa lahat ng mga awitin nila.”

Pinakita pa sa kanya ng matanda ang malaking vinyl records kung saan nakalarawan

ang nakakatakot na album cover na may pamagat na 'Black Sabbath' sa bandang itaas. Sa gitnang bahagi niyon ay isang babaeng nakaitim naman ang nakatayo sa harap ng isang watermill.

Ayon sa lola niya, ang pamagat daw ng kantang pinapatugtog nito ay '*Black Sabbath.*' Iyon din ang pangalan ng mismong banda na kumanta nito.

Bahagya siyang namangha sa matanda dahil kabisadung-kabisado pa nito ang pangalan ng mga miyembro ng banda. Si Sebastian kasi, may mga paborito ring banda pero hindi niya kabisado ang miyembro nito. Kadalasan, iyong pangalan lang ng vocalist ang alam niya.

Ayon pa sa matanda, nakipagkasundo raw ito sa isang fallen angel noon para bigyan ito ng mahabang buhay. At ang bagay na ipinagkaloob daw nito sa fallen angel ay ang kantang ito mismo.

Nagustuhan daw ng fallen angel ang kanta kaya binigyan iyon ng kakaibang kapangyarihan na tutupad sa hiling ng kanyang lola.

Ang fallen angel din daw ang nagbilin sa lola niya na huwag ihihinto ang pagpapatugtog sa kantang iyon, dahil iyon daw ang magbibigay dito ng mahabang buhay. Hangga't tumutugtog

daw ang kantung ito, hinding-hindi raw mamamatay si Lola Roselia.

Noong una, hindi agad rumehistro sa isip ni Sebastian ang mga sinabi ng matanda. Hanggang sa bigla niyang maalala kung ano ang ibig sabihin ng 'fallen angel.' Sa pagkakatanda niya, ito iyong mga anghel na nagrebelde sa Panginoon at itinaboy sa langit. Samakatuwid, sila mismo ang mga itinuturing demonyo ngayon.

Pero hindi na niya gaanong pinagtutuunan iyon ng pansin. Mas natatakot siya ngayon sa kantung paulit-ulit na nanunuot sa mga tainga niya.

Big black shape with eyes of fire

Telling people their desire

Satan's sitting there, he's smiling

Watches those flames get higher and higher

Oh, no, no, please, God, help me

Hindi maiwasang mangilabot ni Sebastian tuwing maririnig niya ang mabigat na guitar riff ng kanta. Parang iyong entrance song sa tarangkahan ng impiyerno. Pati na ang boses ng vocalist ay parang nagtatawag ng demonyo. O baka hindi lang talaga ganito ang mga tipo niyang musika.

Tinapos niya din agad ang usapan nila ng abuela para makaalis na siya sa kuwartong iyon at hindi na marinig pa ang kanta.

Gabi na siya umakyat muli. “Lola, matulog na po tayo,” anyaya niya.

Mabilis namang tumayo ang matanda at sumunod sa kanya patungo sa kama. Isinara na nito ang pinto ng silid na kinaroroonan ng vinyl player, habang tumutugtog pa rin ang kantang *Black Sabbath*.

Mabuti na lang ay humina na ang tugtugin nang isarado ang pinto. Sa tingin ni Sebastian, sapat na iyon para makatulog siya nang mahimbing.

Sa iisang kuwarto lang sila natulog ng matanda pero magkahiwalay ang mga kama nila.



Hindi siya nakatulog sa unang gabi niya roon kaya pagkagising sa umaga ay namumugto ang mga mata niya sa puyat.

Mabuti na lang at tumawag nang umagang iyon ang Tito Delfin niya. Hindi na siya nahiyang magsabi rito na nailang siya sa bahay na iyon. Mabuti na lang ay marunong magpagaan ng loob ang kanyang tiyuhin kaya di nagtagal ay unti-unti rin siyang nasanay roon.

Hanggang sa umabot na siya ng isang buwan doon. Pero mahaba-habang oras pa rin ang hihintayin niya bago makabalik ang Tito Delfin niya. Isang taon itong maninirahan sa

Amerika kaya marami pa siyang mga buwan na bibilangin. Kailangan pa niyang magtiis.

Isang gabi, nagising si Sebastian nang marinig na tumatawa ang Lola Roselia niya. Nakita niya itong nagsasalita mag-isa na para bang may kausap.

“Lola? A-ano po’ng nangyari?” Hindi niya malaman ang itatanong dito.

“Ah, wala naman, apo. Kakuwentuhan ko lang ngayon ’yung fallen angel na sinasabi ko sa ’yo. Ayan nga siya, o! Nasa likuran mo!” Saka ito muling humagalpak ng tawa na daig pa ang nakainom.

Nangilabot si Sebastian at dahan-dahang lumingon sa likuran niya. Wala naman siyang nakita roon maliban sa sarili niyang anino. Pero ang ikinagulat niya ay ang biglang pagbukas ng pinto ng silid sa bandang dulo, iyong kinaroroonan ng vinyl player. Kahit naroon sila sa loob ng ibang silid ay dinig na dinig niya ang langitngit ng pinto niyon.

Dahil doon, kumalat na naman sa paligid ang kantang *Black Sabbath*.

Hindi niya kinaya ang takot, nagtalukbong siya ng kumot at sumiksik sa pader. Hinayaan na niya ang kanyang lola na patuloy pa ring tumatawa at nagsasalita mag-isa.



Kinabukasan, naabutan niya muli ang matanda na kaharap ang vinyl player at taimtim na nakikinig sa kantang iyon. Tinawag niya ito para ayaing kumain ng agahan sa ibaba.

“Lola, totoo bang kapag inihinto n’yo ang pagpapatugtog sa kantang iyon ay mamamatay kayo?” wala sa loob na naitanong ni Sebastian habang bumababa sila ng hagdan.

“Totoo iyon, apo. Iyon kasi ang kondisyon sa akin ng fallen angel na nakasundo ko. Hindi ko puwedeng ihinto ang pagpapatugtog niyon para hindi rin huminto ang hininga ko. Ang kantang iyan ang nagbibigay ngayon ng mahabang buhay sa akin. Kahit ikaw. Kung gusto mong humaba rin ang buhay mo, pakinggan mo rin iyan. Sa ’yo ko ipapamana ang vinyl player na ’yan balang araw.”

Pilit niyang iwinaksi sa isip ang mga sinabi nito. Ayaw na niyang mag-isip pa ng kung anu-ano.

Sa mga lumipas na araw ay tumitindi pa ang kalagayan ng kanyang lola. Parang gusto nang isipin ni Sebastian na nababaliw na ito. Gabi-gabi na lang kasi niya itong naririnig na tumatawa mag-isa at palaging may kausap. Napupuyat na siya dahil dito.

Hindi lang sa gabi. Minsan, kahit sa umaga ay bigla na lang itong magsasalita at sinasabing nandito raw ang fallen angel na

gumagabay rito. Kapag bumibisita raw ito sa bahay nila, agad umaakyat ang matanda sa kuwarto at doon nila sabay na pinakikinggan ang kantang *Black Sabbath*.

Hindi na nakatiis si Sebastian sa mga nangyayari. Baka siya pa ang tuluyang mamatay sa takot kapag nagtagal pa siya sa lugar na iyon.

Isang tanghali, matapos niyang dalhin pansamantala sa sala ang matanda para makasagap naman ito ng sariwang hangin, lihim niyang inakyat ang kuwarto sa bandang dulo ng pasilyo at nilapitan ang vinyl player. May ilang minuto niyang pinagmasdan iyon bago niya pinatay. Sa kauna-unahang pagkakataon ay huminto na ang nakakatakot na kantang iyon. Kasabay niyon ang pagkabog ng kanyang dibdib.

Bago sumapit ang gabi ay binawian na nga ng buhay si Lola Roselia. Nakita niya itong nakaupo sa sofa, hindi na gumagalaw at nanigas na rin ang panga. Nalulungkot siya sa sinapit nito. Pero mas mabuti na rin siguro ang ganoon kaysa patuloy pa itong pahirapan ng fallen angel na sinasabi nito gamit ang kantang iyon.

Nang ilibing si Lola Roselia ay kaunti lang ang mga taong sumama sa paghatid. Karamihan ay mga kakilala ng Tito Delfin niya

roon, na nagbigay ng kaunting pag-alala sa matanda.

Mayamaya pa, lumapit si Aling Lucy sa karo ng patay at nakiusap kung puwedeng palitan ang tumutugtog na kanta pagdating nila sa sementeryo. May ibinilin kasi rito ang matanda noong nakaraang taon, na kung sakaling may mangyari raw sa vinyl player nito at huminto na sa pagtugtog, gusto nitong ipatugtog naman daw ang naturang kanta sa mismong huling hantungan nito.

Hindi sang-ayon doon si Sebastian pero wala na siyang nagawa. Hindi na siya kumontra pa tatal patay na rin naman ang matanda.

Bago ilibing sa lupa ang kabaong ni Lola Roselia ay pinatugtog na sa karo ang song request nito.

Kabilang si Sebastian sa mga nagulat nang biglang tumugtog ang *Black Sabbath*. Marami ang nangilabot dito lalo na sa heavy guitar riff pati na sa boses ng kumakanta.

What is this that stands before me?

Figure in black which points at me

Turn 'round quick and start to run

Find out I'm the chosen one

Oh, no

Makalipas ang mahabang sandali, isang nakagigimbal na eksena ang gumulat sa lahat. Biglang bumukas ang kabaong at nakita nila

kung paano bumangon doon ang katawan ni Lola Roselia. Lumingon pa ito sa kanilang lahat. Kahit patay na ito, nagawa pa rin itong gisingin ng kantang iyon.

Tunay ngang may sumpa na ang kantang ito na nagbibigay ng mahabang buhay kay Lola Roselia. Ngunit ang hindi inaasahan ni Sebastian ay epekto pa rin pala ang sumpa nito kahit patay na ang matanda.

Agad din nilang pinahinto ang kanta. At ilang sandali pa, bumagsak na muli sa kabaong ang katawan ng kanyang abuela. Ganap na itong patay. Doon pa lang sila nakahinga nang maluwag.



Sampung taon ang nakalipas. Malaki na ang pagbabago sa buhay ni Sebastian. Wala na ang dating siya. Mula nang dapuan siya ng stage four na cancer, nawalan na ng kulay ang buhay niya. Tila napunta naman sa kanya ang sakit na pumatay noon sa kanyang ama.

Ang kaibahan lang, kahit mukha nang lantang gulay ang katawan ni Sebastian ay hindi pa rin siya mamatay-matay. Pati nga mga doktor ay nagtataka na sa kanya.

Walang gustong maniwala sa kanyang sikreto kung paano niya napananatiling buhay ang sarili hanggang ngayon. Nasa kanya na

kasi ngayon ang vinyl player ng kanyang lola. At araw-araw din niyang pinapatugtog doon ang kantang *Black Sabbath*. Walang hintuan. Hindi iyon puwedeng mahinto dahil iyon din ang magpapahinto sa hininga niya.

Nakaupo lang si Sebastian sa tabi ng kama habang taimtim na nakikinig sa sagradong awitin na iyon. Pagmulat niya ng mata, nakita niya sa repleksyon ng salamin ang Lola Roselia niya na nakalutang sa kanyang likuran. Nakangisi ito sa kanya habang nanlilisik ang mga mata.

Bahagyang nanlaki ang mga mata ni Sebastian at napabulong siya sa sarili. “What is this...that stands before me?”

Parada ng mga Patay

Gulat na gulat si Clinton nang malamang sa San Agustin ang susunod na destinasyon nila. Hindi na siya nakapagsalita magmula noon. Nais man niyang huwag sumama ay hindi puwede dahil kailangan siya roon bilang isa sa mga cameramen.

Sa mga araw na lumipas ay naging sobrang tahimik niya. Halos wala siyang imik tuwing papasok sa trabaho. At tuwing magkakaroon ng mga pagpupulong tungkol sa susunod na proyektong gagawin nila, palagi lang siyang nasa dulo, tikom na tikom ang bibig. Wala siyang ganang makipag-participate sa anumang paraan.

Halos isumpa ni Clinton ang San Agustin. Nangako siya sa sarili na hinding-hindi na babalik o tatapak pa sa lugar na ito. Ngunit tila nakabuntot yata sa kanya ang kamalasan mula nang ianunsyo ng kanilang team na ito ang susunod na lugar na pupuntahan nila.

Nagtatrabaho siya bilang cameraman sa isang programa sa telebisyon na kung tawagin. Nagtatampok sila roon ng mga kakaiba at nakakaaliw na kuwento mula sa iba't ibang panig ng bansa.

At dahil nalalapit na ang Halloween, nangongolekta sila ngayon ngsamu't saring mga kuwento at lugar na may mga kababalaghan para puntahan at gawan ng dokyumentaryo. Kabilang nga sa mga napagkasunduan ng team ay ang San Agustin.

Tuwing Undas lang natatampok sa mga Halloween special programs ang lugar na ito, pero araw-araw ay may kakatwang nangyayari rito. Mayroon kasing kakaibang tradisyon ang mga taga-San Agustin na malayung-malayo sa nakagisnan ng mga pangkaraniwang tao.

'Agustinos' ang tawag sa mga taong naninirahan sa lugar na iyon. Nakilala sila dahil sa kakaibang seremonya na kanilang ginagawa tuwing may namamatay sa kanilang mahal sa buhay.

Oras na pumanaw ang isang tao rito, gagawan ito ng higitang papier-maché puppet at ipaparada sa daan habang inihahatid ito sa huling hantungan. May pagkakahalintulad ito sa *Higantes Festival*, ang pinagkaiba lang, ang mga puppet na ipinaparada sa San Agustin ay base mismo sa mukha ng isang tunay na taong namayapa na.

At hindi lang ito basta puppet. Dahil ang mismong katawan ng namatay na tao ay nasa loob din niyon. Tinatadtad muna ang buong katawan ng tao hanggang sa ito ay magkapirapiraso saka ipapasok sa dibdib na bahagi ng puppet para magsilbing puso nito.

Dadasalan muna iyon ng pamilya bago iparada sa kalsada. Tulad ng normal na kaganapan sa mga patay na inihahatid sa huling hantungan, puwede ring sumama sa paradang iyon ang mga kaanak, kaibigan o kakilala ng namatay bilang pakikiramay.

At kapag naihatid na sa huling hantungan ang naturang puppet, doon na ito susunugin bilang katumbas ng paglilibing dito. Oras na maging abo na ang puppet ay awtomatiko itong mahahalo sa mga lupa bilang dagdag pataba.

Ang kakaibang tradisyong ito ng mga Agustinos ang dahilan kung bakit hati ang opinyon sa kanila ng maraming tao sa

iba't ibang mga lugar at bansa. Marami ang natatakot sa ginagawa nila. Pero marami rin ang humahanga.

Hindi kasi basta normal na giant puppet ang ginagawa nila sa kanilang mga higante. Hinahaluan din nila ito ng matinding creativity. Kinakabitan nila ito ng makakapal na string o tali sa bawat sulok ng katawan. Bukod doon, may isang tao rin na pinapapasok sa loob para kumontrol naman sa pagkilos ng mata at bibig nito.

Kapag ipinaparada ang higanteng puppet, hindi lang ito basta nakatayo nang direktso at walang ekspresyon, gumagalaw rin ito na parang tao sa pamamagitan ng puppetry. Nagtutulungan ang mga taong nagpaparada para igalaw ang mga kamay at paa nito kaya nagmumukha itong tunay na taong naglalakad.

Bukod doon, buhay na buhay rin ang mukha ng puppet dahil sa paggalaw ng mga mata nito na tumitingin-tingin pa sa mga taong nagdadaan, pati sa bibig nito na bumubuka-buka at ngumingiti pa.

Sa lahat ng higanteng puppet sa bansa, ang mga higante lang sa San Agustin ang talagang kakaiba at buhay na buhay habang ipinaparada. Para bang may sarili rin silang buhay at isip kung umarte.

Pero sa kabila ng lahat, hindi pa rin maiwasan na may matakot dito. Kabilang na nga roon si Clinton. Pero hindi siya sa mga higante natatakot, kundi sa lugar mismo. May kakaibang pangyayari kasi siyang nasaksihan doon na siya lang ang nakakaalam. At kapag nalaman iyon ng iba, maaaring magdulot iyon ng matinding pagkasindak sa lahat.

Dalawang araw na lang ang natitira bago sila pumunta sa San Agustin. Hanggang ngayon ay hindi pa rin nakakaisip si Clinton ng idadahilan para maka-absent siya sa proyektong iyon. Kinulang kasi sila sa staff ngayon, dalawa pa sa cameraman nila ang nag-resign noong nakaraang mga buwan lamang kaya kailangan na kailangan talaga siya roon.

Ito sana ang pagkakataon niya para makapagpakitang-gilas sa mga boss nila. Nais niyang ipakita ang kanyang kasipagan na hindi mapapantayan ng mga kasama niya. Itong lugar na pupuntahan lang talaga nila ang humahadlang sa kanya ngayon.

Sa huli, bigong makaisip ng dahilan si Clinton para makapag-absent. Hindi talaga siya makapagsalita sa sobrang takot. Pakiramdam niya ay pag-iisipan siya ng masama kapag tumanggi siyang makipag-participate sa proyektong ito.

Kaya naman nang dumating ang araw ng kanilang pagbiyahe sa San Agustin, isiniksik na lamang niya ang sarili sa pinakadulo ng sasakyan kung saan nakatambak ang mga equipment nila. Siya ang nagsilbing tagabantay roon. At least doon, naitatago niya ang kanyang kaba.

Sa di-kalayuan ay natanaw nila ang isang paradang paparating. May dala-dalang higante ang mga ito. Agad na lumiko ang driver at saglit na itinabi ang sasakyan para bigyangdaan ang mga ito.

“Sayang! Hindi pa natin naisi-set ang mga equipment. Puwedeng-puwede na sanang kuhanan ng camera ang mga ito,” anang producer nila.

Inilabas ng isang staff ang cellphone nito at doon pansamantalang kumuha ng video para i-record ang paparating na parada.

Sabik na sabik ang mga kasama niya, habang si Clinton ay parang gusto nang manginig sa takot. Habang papalapit ang parada ay palakas nang palakas ang kabog ng kanyang dibdib.

Sa kabila ng takot na umaalipin sa kanya ay nagawa pa rin niyang silipin ang kaganapan sa labas. Nakita niya ang hitsura ng higanteng ipinaparada ng mga tao. Isang matandang

lalaki iyon na may bigote. Humihithit pa ito ng tabako habang naglalakad.

Sa pamamagitan ng puppetry, para talaga itong tunay na taong naglalakad at nililibot ng tingin ang paligid. Buhay na buhay kung gumalaw ang mga mata at bibig nito. Pati ang hawak nitong tabako ay may usok pa. Kung malikot lang ang kanilang imahinasyon, iisipin nilang may kaluluwa ang higanteng iyon at totoo talaga itong buhay.

Tuwang-tuwa rito ang mga kasama niya. Larawan sila ng pagkamangha dahil sa angking creativity ng mga tao sa lugar na iyon. Sino ang mag-aakala na posible pala ang ganitong style ng higante? Na puwedeng bigyan ng ‘buhay’?

Unti-unting napawi ang takot ni Clinton nang lampasan na sila ng parada. Doon lang muling sumulong ang kanilang sasakyan at nagpatuloy sila patungo sa kanilang destinasyon.

Malawak ang Agustin City. Kaunti lang ang mga gusali roon at magkakalayo pa. Maraming kalsada na triple ang lawak. Sinadya iyong gawin ng kanilang lokal na pamahalaan upang bigyang-daan ang mga parada ng higante.

Hindi pa man sila nakakarating sa destinasyon ay may sumunod na namang panibagong parada. Itinabi muli ng driver nila

ang sasakyan upang bigyan ito ng daan.

Kahit natatakot ay pilit sinilip ni Clinton ang papalapit na higante sa paradang iyon. Nanlaki sa gulat ang kanyang mga mata nang masilayan ang isang batang babae na dumidila pa ng lollipop.

Maamo ang mukha ng higanteng iyon. Gumagalaw-galaw rin ang mga mata nito at tinitingnan ang mga taong nanonood sa paligid. Mayroon itong matipid na ngiti sa bibig nitong maya't maya ang pagbuka at paglabas ng dila habang dinidilaan kunwari ang lollipop nito.

Tulad ng naunang parada kanina, maraming tao ang nagtutulungan sa paghawak sa mga taling nakadikit dito upang pagalawin na parang tao ang higante. Siyempre, may tao ring nakatoka sa loob para pagalawin ang mga mata, bibig at dila nito.

Dito ay lubos na nagwala ang puso ni Clinton. Parang mahihimatay na siya sa sobrang takot. Hindi na niya kayang itanggi pa sa sarili ang tunay na dahilan kung bakit siya takot bumalik sa lugar na ito.

Mahigit dalawang linggo na kasi ang nakalilipas mula nang mapadaan siya sa San Agustin. Habang nagmamaneho nang lasing nang gabing iyon, isang batang babae ang

humarang sa dinadaan niya at binuhusan ng tubig ang windshield ng kanyang sasakyan.

Gulat na gulat siya rito. Pagkatapos iyong buhusan ng bata, dinukot nito ang basahan sa bag at nilinis ang windshield. Iisa lang ang ibig sabihin niyon: isang modus na naman ito ng mga tagaroon para makalimos ng pera.

Hindi lang sa Kamaynilaan maraming gumagawa ng ganito. Pati sa San Agustin ay talamak din ang mga tao at batang binubuhusan bigla ang mga sasakyang dumadaan saka iyon nililinis para manglimos ng pera.

At hindi basta-basta tumatanggap ang mga ito ng kahit magkanong halaga. Nasa limang daan ang pinakamababang tinatanggap nila. Kapag mas mababa roon ang ibinigay, wawasakin ng mga batang ito ang sasakyan. Nandoong pagbabatuhin ng kung anu-ano hanggang sa mabasag at masira.

Labis na ikinagalit ni Clinton ang pagbuhos ng tubig sa harap ng kanyang sasakyan. Bukod sa wala siyang pera dahil naubos na sa pag-ambag, nakainom pa siya at malakas na ang tama ng alak sa kanya.

Kaya naman hindi niya napigilang bumaba ng sasakyan at tinutukan ng baril ang bata. Bago pa ito makatakbo, tumama na sa ulo nito

ang bala ng kanyang baril. Bumagsak sa lupa ang katawan ng batang babae.

Luminga-linga pa si Clinton sa paligid bago muling pumasok at pinaharurot ang sasakyan. Dahil doon, hindi lang niya basta nabaril ang batang babae, nabali pa ang mga buto nito dahil sa pagkasagasa niya.

Ang hindi niya alam, may nakatagong CCTV camera roon at dahil na rin sa paglinga niya sa paligid, nakita ang mukha niya sa isang anggulo ng CCTV.

Hanggang ngayon, hindi pa rin alam ni Clinton na may camera na nakakuha ng mukha niya. Ang alam lang niya ay nakapatay siya ng tao. Kung kailan nagising siya at wala na ang epekto ng alak, saka niya napagtanto kung gaano katindi ang pagkakamaling nagawa niya.

Nang tumapat na sa sasakyan nila ang higanteng puppet ng batang babaeng pinatay niya, mabilis niyang ipinikit ang mga mata at pilit nilabanan ang pagwawala ng kanyang puso. Buong katawan na niya ang nanginginig sa sobrang takot. Lalo na kapag naririnig niya ang awit ng mga taong kasama sa parada. Para bang umuusal ng orasyon ang mga ito para mabuhay ang higanteng iyon.

Mukhang magkaka-phobia pa yata siya sa

mga higante nang hindi oras.

Dalawang linggo na ang lumipas mula nang mangyari ang malagim na insidenteng iyon. At ngayon lamang ipinarada ang higanteng puppet ng babae. Ibig sabihin ay maaaring tumagal nang mahigit isang linggo ang proseso ng paggawa ng puppet sa isang taong namatay na.

Wala nang pakialam doon si Clinton. Ang nais na lang niyang mangyari ngayon ay matapos na agad ang trabaho nila rito sa San Agustin para makaalis na siya. Ayaw na talaga niyang bumalik dito kung saan naganap ang pinakamatinding bangungot ng buong buhay niya.

Gabi na sila nakarating sa destinasyon. Bukas na bukas ay mag-aabang muli sila sa daan ng mga higanteng ipaparada para kuhanan ng video. Nakahanda na rin ang kanilang mga script at mga questionnaire para sa mga taong kukuhanan nila ng panayam para maging bahagi ng programa.

Dahil medyo maaga pa naman, marami pang bukas sa mga pasyalan sa San Agustin. Naisipan ng mga crew na maglibut-libot muna para i-explore ang lugar. Ang iba ay naghanap ng makakain.

Pero si Clinton, nagpaiwan lang doon at

hindi na sumama. Natatakot siyang gumalagala dahil baka may makakilala sa kanyaroon. Hindi kasi siya sigurado kung wala ba talagang nakasaksi noong mapatay niya ang batang babae.

Sa labis na pagkapraning, inisip niyang baka may nakakita nga sa kanya at ngayon ay hinahanap na siya. O baka mamaya ay bigla na lang niyang makita ang sariling mukha sa wanted list sa kung saan doon.

Habang nagpapahinga sa loob ng sasakyan, biglang nabasag ang salamin sa bintanang nasa harap niya. Gulat na gulat si Clinton. At mas lalo pa siyang nagulat nang makita ang isang lalaking tila nagbabaga ang mga mata habang nakatingin sa kanya. Marahil ay isa ito sa mga tagaroon.

“Ikaw! Ikaw ang pumatay sa anak ko!”

Muling dumagundong ang dibdib ni Clinton sa sinabing iyon ng lalaki. Agad siyang umalis mula sa kinauupuan at naghanap ng malulusutan. Subalit hindi niya alam, kanina pa pala siya minamanmanan ng ama ng batang napatay niya at ng ilang mga kaanak nito.

Nagsilabasan ang mga ito at pinalibutan ang sasakyan. Wala na siyang kawala. Napaiyak na lamang siya at saglit niyang nakalimutan ang kanyang pagkalalaki. Parang batang

humagulgol siya at hinanap ang magulang.

Sinira pa ng ibang lalaki ang bintana sa likuran niya at doon siya pinagtulungang dukutin ng mga ito. Makalipas ang ilang sandali ay nailabas siya. Pilit siyang kinaladkad palayo sa kanilang sasakyan.

Walang nagawa si Clinton sa dami ng mga ito. Napasigaw na lamang siya nang patawad sa mga kaanak ng batang babae. Paulit-ulit. Ngunit tila masyado nang madilim ang utak ng mga ito para marinig pa ang pagmamakaawa niya.



Kinabukasan, habang hinahanap ng ibang crew si Clinton, ang mga producers naman ng programa ay naisipang sumilip sa panibagong parada sa daan. Tatlong magkakasunod na parada iyon.

Ang isa ay matandang babae na tumatawa habang may hawak na libro. Ang isa ay batang lalaki na may hawak na bola. At ang isa naman ay dalagita na nakatirintas ang buhok na nakapatong sa kabilang balikat nito.

Kinuhanan agad iyon ng video ng kanilang team. Ngunit makalipas ang ilang sandali, may panibagong parada na namang sumunod.

Sa pagkakataong iyon, pare-parehong

napamulagat ang kanilang mga mata sa nakita. Hindi higante ang ipinaparada ng mga ito kundi isang bangkay. At ang bangkay na iyon ay walang iba kundi si Clinton!

Kasuka-suka ang naging hitsura ng bangkay ng lalaki. Binalatan ito nang buhay at dinukot ang lahat ng lamang-loob hanggang sa buto't kalansay na lamang ang natira. Suot pa nito ang damit nito noong huli nila itong nakita. Punong-puno na iyon ng dugo. May mga string din na nakalagay sa mga kamay, paa, ulo, at bewang nito habang pinagtutulungan iyong pagalawin ng mga tao.

Sa harapan nito ay may nakasabit pang karatula na ang nakasulat: "*Mamamatay-tao ako. Huwag tularan!*"

Kill. Die. Repeat.

Wanted na si Evandro Martinez sa kanilang lugar matapos niyang mapatay ang sariling asawa. Nagbanta kasi itong hihiwalayan siya kapag hindi niya tinigilan ang ilegal na negosyo.

Naglakbay siya sa isang malayong probinsya at doon nagtago. Ginamit niya ang natirang pera sa pagbebenta ng droga para makaupa ng mumurahing bahay. Sinanay na niya ang sarili na mamuhay mag-isa.

Isang araw ay napadaan si Evandro sa tulay patungong palengke gamit ang bisikleta. Sa bilis ng pagpapatakbo niya sa bike ay nabangga niya ang isang batang naglalakad

habang naglalaro sa video game nito. Pareho silang natumba at nahulog pa sa ilog ang cellphone niya na dumulas palabas ng kanyang bulsa.

Kumulo ang dugo ni Evandro sa bata. “Put*ng ina ka! Tingnan mo ang ginawa mo! Nahulog pa ’yong cellphone ko! Hindi ka kasi marunong tumingin sa dinadaan, hayop ka!”

“Ay, sorry po!” Agad tumayo ang bata at pinulot ang video game nito. “Hindi ko po sinasadya. Hindi rin naman kasi kayo nag-iingat, eh!”

“At sumasagot ka pa talaga? Hindi mo ba kilala kung sino ang nasa harap mo ngayon?” pagbabanta ni Evandro.

“Hindi po. Ngayon nga lang kita nakita, eh. Bakit sino ka ba?”

“Hindi mo ba alam na wanted ako sa lugar namin noon? Hindi ka ba marunong matakot sa akin?” Tinaliman ni Evandro ng mata ang bata para matakot ito.

Napatingin na rin ang mga tao sa kanila dahil sa lakas ng boses niya.

“E, ano naman po ngayon kung wanted ka sa lugar n’yo? Dito sa amin, bawal ang masasamang-loob dahil hinuhuli sila ng mga pulis.”

“Pilosopo ka talaga, ano? Gusto mo bang makatikim sa akin?”

“I don’t care, eh, eh, eh, eh, eh!” pang-aasar sa kanya ng bata.

Hindi napigilan ni Evandro ang init ng ulo. Dinukot niya ang baril mula sa nakakabit sa baywang niya at pinaputukan sa ulo ang bata. Bagsak agad ang katawan nito at nabitiwan ang video game.

Nagsigawan ang mga taong nakakita sa pangyayari. Lahat ng kanilang mga mata ay nakatutok kay Evandro.

Kumabog nang malakas ang kanyang dibdib. Pasimple niyang isinuksok ang baril at itinayo ang bisikleta. Bago pa siya mapag-initan doon ay kumaripas na siya ng pagpapatakbo sa bike pauwi sa kanila.

Pagkauwi ay napamura na lang si Evandro sa sarili. Ano ba itong nagawa niya? Sariwa pa nga ang nagawa niyang krimen sa dating tirahan, ngayon ay nasundan na naman ng panibago.

Pahamak talaga ang init ng ulo niya. Dalawang tao na ang napatay niya dahil dito. Ewan ba niya kung bakit parang nadedemonyo siya tuwing sumusumpong ang kanyang init ng ulo.

Hindi na niya hinintay ang pagkuyog ng

taumbayan sa kanya. Siguradong kasalukuyan na siyang pinaghahanap ngayon ng mga awtoridad. Inunahan na niya ang mga ito.

Nang mga sandaling iyon, nilisan na agad niya ang bahay at kung saan-saang shortcut dumaan para lang makalayo sa mga tao.

Sa kalagitnaan ng kanyang pagpatakbo, bigla niyang narinig ang boses ng mga pulis na humahabol sa kanya.

“Lintik na! Bakit ang bilis nila?”

Napilitang magpapatok ng baril ang isa para pigilan siya, ngunit madali siyang nakaiwas dito. Habang tumatakbo ay siya naman ang nagpapatok sa mga ito.

Isang pulis ang natamaan niya sa bandang dibdib. Bagsak agad ito sa lupa. Lalong uminit ang hininga ng mga awtoridad sa kanya.

Nagtago si Evandro sa likod ng iba’t ibang bahagi ng gusali para iwasan ang bawat balang pinakawalan ng mga ito.

Nahirapan ang mga pulis sa paghabol sa kanya. Ngunit di nagtagal ay natamaan din siya ng isa sa likod.

Doon pa lang siya napahinto sa pagpatakbo at mabilis na bumagsak sa lupa. Bago pa siya makatayo ay tatlong magkakasunod na bala pa ang tumama sa kanya.

Mabilis na nagdilim ang diwa niya. Hindi

na niya namalayan ang sumunod na mga naganap.

Samantala, pinagkakaguluan naman sa tulay ang bangkay ng batang binaril niya sa ulo. Agad itong binuhat ng awtoridad at inilayo sa tulay na iyon. Naiwan ang video game console nito na nakabukas pa. Isang bata naman ang nakapulot nito at iniuwi iyon sa bahay nila.



Nagising na lang si Evandro Martinez sa isang silid na hindi pamilyar sa kanya. May alam clock pang nakapatong sa mesang nasa tabi ng kama niya.

Bumangon siya at lumingon sa paligid. Lahat ng mga gamit doon ay nasa tamang puwesto. Maayos at malinis ang paligid. Parang walang bakas ng kasamaan.

Kinapa niya ang likod pero wala na ang mga tama niya ng baril doon. “Nasaan ako? Hindi ba dapat patay na ako?” tanong niya sa sarili habang nililibot ng tingin ang paligid.

“Oo, patay ka na.”

Napalingon siya sa pinanggalingan ng boses. Isang lalaking nakaitim ang nakaupo pala sa likuran niya.

Nasindak si Evandro dahil wala itong

mukha. Blangko ang mukha ng lalaki at nababalutan ito ng dilim na pumipigil sa kanya para masilayan ang tunay nitong anyo.

“Ang bangkay mo ngayon ay hawak na ng mga awtoridad na nakabaryl sa ‘yo. Wala ka na sa mundo.”

“Sino ka ba? A-ano’ng ginagawa ko rito? Hindi ba dapat nasa impiyerno na ako?”

“Doon ka naman talaga dapat mapupunta. Subalit nakita ko ang mga kasalanang ginawa mo sa lupa. Kitang-kita ko kung paano ka pumatay nang hindi man lang nakokonsensya. Alam na alam ko rin ang lahat ng mga ilegal mong negosyo. Buong buhay mo ay wala kang ibang ginawa kundi kasamaan. Humahanga ako sa iyong labis na katapangan. Kaya bilang gantimpala, hindi kita agad dadalhin sa impiyerno. May mga ipapagawa akong misyon sa ‘yo na kapag napagtagumpayan mo ay maaari ka nang makabalik sa mundo at mabuhay muli.”

“Seryoso ka ba d’yan? Pero teka lang, sino ka ba? At bakit ayaw mong ipakita ang mukha mo?”

“Hindi na mahalaga kung sino ako at kung ano ang mukha ko. Sabihin na nating isa ako sa mga may mataas na katungkulan sa impiyerno. Kaya ihanda mo ang sarili mo sa

mga ipapagawa ko sa 'yo."

"Tekang, teka lang muna. Tama ba ang narinig ko? Maaari akong makabalik at mabuhay muli?"

"Tama ka sa narinig mo. At umaasa akong magiging madali lang sa 'yo ang misyong ito dahil nagawa mo nang pumatay noong nabubuhay ka."

Hindi alam ni Evandro kung deserve pa ba niyang mabuhay muli, pero kaysa naman sa masunog sa impiyerno habang buhay, bakit pa niya palalampasin ang pagkakataong ito?

"Sige, tatanggapin ko ang misyong 'yan. Ano ba ang ipapagawa mo sa 'kin?"

Sinamahan siya ng mahiwagang lalaki sa labas ng bahay. Nasilayan ni Evandro ang payapang lugar na katulad din ng sa mundo. Maraming bahay at gusali sa paligid. Hindi mabilang ang mga taong paparito at paparoon. May mga sasakyan din sa kabilaan ng daan.

Ngunit ang problema ay hindi siya pamilyar sa lugar na iyon. Bawat detalye sa paligid ay may pagkakatulad din sa mundo pero hindi pa niya iyon nakita noong nabubuhay pa siya.

"Nasaan ba ako? Anong panig ng mundo ito?"

"Wala ka na sa mundong pinagmulan mo. Iba na ang mundong ito. Kagaya lang ito ng sa

inyo na may mga tao, gusali at sasakyan, pero naiiba ang kabuuan nito sa mundo ng mga tao. Ito ang Inosaint City, ang lugar ng mga taong hindi nag-e-exist sa mundo.”

Naguluhan si Evandro sa sinabi nito. “Ano ‘ka mo? Tao pero hindi nag-e-exist? Sigurado ka ba d’on?”

“Wala nang maraming tanong!” pagtataas ng boses sa kanya ng mahiwagang lalaki. “Ang kailangan mo lang gawin dito ay pumatay nang pumatay at gumawa ng iba’t ibang kasalanan gaya ng pagnanakaw, pananakit sa kapwa, pakikipag-away—lahat ng masamang gawain na maiisip mo ay gawin mo rito. Walang babawal sa ‘yo. Walang aaresto at manghuhuli sa ‘yo. Malaya kang gawin ang lahat ng gusto mo.”

Nangunot ang noo ni Evandro. “Iyon na ba ‘yong misyong sinasabi mo?”

Lumingon sa kanya ang mahiwagang lalaki at humagigik ito ng tawa. “Nababasa ko sa iyong kaanyuan na pinagtatawanan mo lang ang misyong ibinigay ko sa ‘yo. Para sa kaalaman mo, isang libo ang taong kailangan mong patayin. Dito masusubok kung gaano ka kasama, at kung karapat-dapat ka bang bigyan ng pagkakataong mabuhay muli. Kaya iiwan na kita rito, at gawin mo na lang ang

mga sinabi ko sa 'yo.”

Biglang naglaho ang mahiwagang lalaki sa harapan niya.

Naiwan na roon si Evandro, kasama ang mga taong hindi raw nag-e-exist sa mundo. Nasa gitna siya ng lugar na hindi rin niya alam kung saang lupalop ng dimensyon nagmula.

Inosaint City. Wala namang ganoong lugar sa mundong pinagmulan niya noon.

Hindi bale na. Madali lang namang makumpleto ang isang libong tao na kailangan niyang patayin. Kung dati nga ay milyun-milyon ang kinikita niya sa pagbebenta ng droga, dito pa kaya na isang libo lang ang quota? Sisiw lang iyon sa kanya.

Isang matandang lalaking nakatungkod ang nakita niyang dumadaan. Hinarang niya ito at inagawan ng tungkod. Iyon ang ginamit niya para hampasin ang matanda hanggang sa bumagsak ito sa lupa.

Abot-langit ang pagmamakaawa sa kanya ng matanda pero hindi niya ito tinigilan hangga't may hininga pa. Pinagpupukpok niya ito sa ulo hanggang sa mabasag ang bungo at bawian ng buhay.

Sunod naman niyang hinarang ang matabang ale na may buhat-buhat na sanggol. Inagaw niya ang sanggol at inihagis sa ere.

Pagbagsak ng sanggol ay bagok ang ulo nito, duguan ito, patay agad.

Humagulgol ang ale sa nangyari. “Bakit mo ginawa ’yon!”

Sinakal niya ito at hinila papasok sa isang building. Dinala niya ito sa tuktok at doon itinulak. Pagkabagsak ng ale sa lupa ay sapul ang ulo nito at nagkalat ang dugo sa paligid.

Nagtaka sa kanya ang mga tao sa building na kasalukuyang nagtatrabaho. Para silang nakakita ng artista kung makatitig sa kanya.

Sinubukan ni Evandro na lumikha ng gulo sa loob ng building. Binulabog niya ang lahat ng mga tao. Binalibag niya ang mga gamit at pinagbubugbog ang bawat taong nadaanan.

Tuwang-tuwa siya dahil hindi man lang pumapalag ang mga ito. Ni hindi marunong lumaban. Iyak lang sila nang iyak at ang iba ay nagmamakaawa pa. Para bang ipinanganak na maging tanga at lampa ang mga tao roon.

Naging madali lang tuloy sa kanya na patayin ang lahat ng tao sa building. Sinunog niya iyon at hinintay na matupok ng apoy ang buong gusali.

Nang balikan niya ito ay pumasok siya sa loob at binilang ang bawat bangkay na nasunog. Medyo napagod lang siya sa kakabilang pero worth it naman dahil umabot

agad sa 55 katao ang napatay niya. Kasama na roon ang matandang lalaki, ang ale at ang sanggol nito na pinatay rin niya sa labas.

Kung ganoon lang pala kadaling patayin ang mga tao roon, magiging madali lang talaga sa kanya ang misyong ito.

Naghari-harian siya sa buong Inosaint City nang mga sumunod na araw. Lahat ng lugar na napuntahan niya ay kanyang ginugulo, winawasak at pinapatay ang mga tao sa pinakamatinding paraan na magagawa niya.

Isang matandang babae ang binalian niya ng leeg. Dalawang bata ang binugbog niya at sinunog nang buhay. Isang buntis naman ang sinipa niya at nilagari ang tiyan saka dinukot ang sanggol sa sinapupunan.

Nakarating pa siya sa isang beach kung saan maraming mga babaeng naka-bikini. Hindi lang siya ginanahang pumatay, nalib*gan din siya.

Isa sa mga ito ay ni-rape niya saka ibinaon sa buhangin ang katawan, litaw ang ulo. Nagmamakaawa pa ang babae habang humahagulgol ng iyak. Kumuha siya ng palakol at tinabas ang nakalitaw na ulo ng babae sa buhangin.

Nagbalik siyang muli sa beach kung saan dagsa ang mga taong nagsu-swimming.

Isa-isa niyang pinugutan ng ulo ang bawat taong nadaanan niya roon. Ang iba naman ay nilunod niya sa bandang gitna ng dagat. Ang ilan naman sa mga babaeng magaganda ang katawan ay dinala niya sa cottage at isa-isang ginahasa bago sinunog nang buhay.

Lumulukso ang dugo niya sa tuwa habang pinagmamasdan ang iyakan at sigawan ng mga ito habang unti-unting inaabo ng apoy ang kanilang mga katawan. Sa araw na iyon ay umabot na sa 151 ang mga taong napatay niya.

Nagpunta naman si Evandro sa isang ospital at doon ay nakita niya ang mga taong hirap na hirap sa kanilang kalagayan. Isa-isa niyang pinasok ang silid ng mga ito at pinagwawasak ang mga aparatong bumubuhay sa kanila.

Walang nagawa ang mga doktor para pigilan siya. Pati ang mga ito ay binutasan din niya ng dibdib gamit ang palakol. Bumaha ng pulang likido sa buong ospital.

Isang nurse ang lumapit sa kanya, maputi ito at maganda. Nagpakilala ito sa pangalang ‘Anne.’

“Please lang, itigil mo na ’tong ginagawa mo! Sino ka ba? At bakit nanggugulo ka sa lugar namin?” sabi nito.

“Pasensya ka na. Kailangan ko lang kasing gawin ito, eh.”

“Ako na ang nagmamakaawa sa 'yo. Please lang, stop this violence! Ano ba'ng gusto mong gawin ko para magbago ka?”

“Gusto kitang maging asawa!”

Sa isang salita lang ni Evandro ay pumayag agad ang babae. Naging sila na agad. Akala nga niya noong una ay nagbibiro lang ito. Pero sa pagdaan ng ilang mga araw ay napansin niyang may katotohanan nga ang pagmamahal ng babae sa kanya. Itinuring siya nito na parang tunay na asawa.

Ganoon na ba kadalang pasunurin ang mga babae roon? Sinubukan pa niyang manligaw at makipagkilala sa ibang babae. Nagulat siya dahil pumayag din ang mga ito na maging asawa niya.

Umabot sa sampu ang naging asawa ni Evandro, pinagsabay-sabay niya nang walang kahirap-hirap. Nagkakasundo rin naman ang mga ito kahit nasa iisang bubong lang sila.

Isang hapon ay may lumapit namang batang lalaki sa kanya. “Alam mo ba, idol kita. Humahanga ako sa katapangan mo.”

Natawa siya noong una. “Sigurado ka ba d'yan, bata? Idol mo ako kahit pinapatay ko lahat ng tao rito?”

“Oo naman! Naaastigan lang kasi ako sa 'yo, eh. Tagasaan ka po ba? Sana maturuan mo rin ako minsan ng mga ginagawa mo.”

Dahil sa malumanay na tinig ng bata ay madali ring gumaan ang loob niya rito. Naging kaibigan din niya ang batang iyon at minsan ay tinuturuan pa niyang manigarilyo at uminom ng alak. Basta lahat ng ituro niya ay ginagawa nito.

Dagdag pa roon ang mga babae niya na higit pa sa hari kung siya ay ituring. Hindi na tuloy niya magawang patayin ang mga ito dahil sa sobrang kabaitan na ipinapakita sa kanya. Ibang tao na lang ang pinatay niya nang araw na iyon.

Nang magtagal doon si Evandro ay pakonti nang pakonti ang mga taong napapatay niya. Hanggang sa dumating nga ang araw na wala siyang napatay dahil lahat ng mga taong nakasalamuha niya ay nagpakita ng kagandahang-loob sa kanya.

Dumami na nga ang mga naging kaibigan niya roon. Bagamat may pagkatanga at lampa ang mga tao roon ay mababait naman pala kapag kinausap. Buti pa nga roon ay naranasan niyang mahalín, isang bagay na hindi niya naranasan noong nabubuhay pa siya sa mundo.

Ni hindi siya nakatikim ng pagmamahal sa sariling mga magulang. Pinagtaksilan pa siya ng mga taong malalapit sa kanya. Lahat ng mapapait na nakaraan ang nagtulak sa kanya para maging adik at mamamatay-tao noong nasa daigdig siya.

Dito ay tila naging baligtad ang mundo. Maraming nagmamahal sa kanya. Kayang sakyan ang lahat ng gimik at kalokohan niya. Tanggap siya ng lahat.

Akala ni Evandro noong una ay magiging madali lang sa kanya na makapatay ng isang libong katao. Ngayon ay parang mahihirapan pa yata siyang paabutin sa kalahati ang bilang ng mga napatay niya.

Kinabukasan nga ay sinubukan niyang maging mabait kahit isang araw lang. Tinulungan niya ang mga nangangailangan. Nagbigay siya ng pera at pagkain sa mga pulubi. Kung anu-ano pang kabutihan ang ginawa niya.

Noon lang niya napagtanto na ganoon pala kasarap sa pakiramdam kapag nakakagawa ng mabuti. Lumalambot ang puso niya sa tuwing nakikita ang ngiti ng mga taong natutulungan at napapasaya niya.

Napaiyak na lang si Evandro sa isang tabi habang nagsisisi sa mga ginawang

kasamaan doon. Sa kalagitnaan ng kanyang madamdaming sandali, biglang lumitaw ang mahiwagang lalaki sa kanyang harapan.

“Ano’ng ginagawa mo? Bakit hindi mo na tinatrabaho ang binigay kong misyon sa ’yo?”

“Pasensya ka na, pero parang hindi ko na yata kayang gawin ’yon. Marami na ’kong naging mga kaibigan dito. Dito ko lang naramdamang may nagmamahal sa akin sa kabila ng mga ginawa ko sa lugar na ’to. Ayokong kamuhian ako ulit ng mga tao.”

“Nasisiraan ka na ba, ungas? Huwag kang magpapatukso sa kanila! Bahagi ’yan ng misyon mo! Dito mo ibuhos ang lahat ng kasamaan mo! Gusto mo bang maging katulad nila na tanga, mahina, at lampa?”

“Mas gugustuhin ko pang maging katulad nila. At least, nagmamahalan kami at walang away. Hindi katulad noong masama pa ako, marami akong kaaway. Halos buong mundo, kaaway ko.”

“Ibig sabihin ba nito’y sumusuko ka na?”

“Gan’on na nga.”

“Baka nakakalimutan mo kung saan ka babagsak kapag nabigo ka sa misyon mo?”

Napatda si Evandro. Naalala niya ang sinabi nito na didiretso siya sa impiyerno kapag hindi niya nagawa ang misyon.

“H-huwag! Parang awa mo na! Huwag mo ’kong ilayo rito! Ayokong malayo sa mga taong nagmamahal sa akin!”

Umatungal na parang hayop ang mahiwagang lalaki. Sa unang pagkakataon ay lumitaw ang mabalasik nitong anyo na nagdulot ng walang kapantay na kilabot kay Evandro.

“Matitikman mo ngayon ang init ng impiyerno!”

Isang malakas na sigaw ang pinakawalan ni Evandro. “Aaaaaaaaaaaaahhh!!!”



Game over. Bigla itong lumitaw sa screen matapos mahulog sa impiyerno ang character na nilalaro ng batang si Daryl. Siya ang nakapulot sa video game console ng batang binaril sa kanilang lugar ng isang hindi nakilalang lalaki.

Maghapon niyang nilalaro ang video game na iyon na ang pamagat ay “*Inosaint City: Kill All You Can*,” isang laro kung saan gagawa siya ng character at mapupunta sa isang alternate world para pumatay ng maraming tao.

Kapag hindi niya nakumpleto ang hinihinging bilang ng pagpatay sa loob ng maikling panahon ay awtomatikong

mamamatay ang character niya at mahuhulog sa isang lugar na nagliliyab at punung-puno ng pagdurusa.

Bumalik sa simula ng laro si Daryl. Muli niyang inulit ang video game dahil nakakaadik itong laruin.

Samantala, muli namang nagising si Evandro sa isang silid. Paglingon niya sa likuran ay nagpakita muli sa kanya ang lalaking nakaitim at ipinaliwanag ang magiging misyon niya sa lugar na iyon.

Nagtaka siya. Parang nangyari na ito noon. Hindi lang niya matandaan kung kailan.

Lingid sa kaalaman ni Evandro, magmula noong mapatay niya ang bata sa tulay, nabilanggo ang diwa at kaluluwa niya sa loob ng video game na nilalaro ng nabiktima niya.

Paulit-ulit na mangyayari sa kanya ang gameplay at storyline ng naturang video game hangga't may taong nagbubukas at naglalaro nito.

Hindi matatapos ang lagim. Hinding-hindi matatapos ang kanyang paghihirap at pagdurusa.

Digital Nightmare

Pagkatapos ng ilang buwang pag-iipon ay nagawa na ring makabalik ni Arthur sa antique shop. Balak na niyang bilhin ang nakita niyang ghost device na may kakayahang makipag-communicate sa isang kaluluwa.

Talamak sa lugar na iyon ang bentahan ng mga bagay na may kinalaman sa paranormal. Karamihan ay nasa isang dantaon na rin ang tanda.

Nagbabakasakali siya na makakatulong ang device na iyon para makausap niya ang kaluluwa ng namatay niyang kasintahan na si Divina. Mahigit isang taon na rin ang lumipas mula nang may manloob sa tirahan nila kung

kailan napatay ang babae.

Hanggang ngayon kasi ay hindi pa rin siya tinitigilan ng mga bangungot. Lagi niyang napapanaginipan ang nangyari nang gabing iyon—kung paano sila nilooban, kung paano sila pinahirapan, at kung paano ginahasa ng mga taong iyon ang girlfriend niya sa harap niya mismo.

Ngunit ang isang eksena na malabo kay Arthur ay kung paano pinatay ng mga ito ang babae. Maging siya ay nagtataka kung bakit nawala iyon sa alaala niya. Kung kailan kasi lalapitan na ng mga armadong lalaki na iyon ang girlfriend niya para patayin, doon na biglang lalabo ang kanyang paningin... hanggang sa muli siyang magiging sa reyalidad.

Hindi siya tinitigilan ng bangungot na iyon. Para bang pinipilit siya nitong alamin ang katotohanan at huwag isarado ang kaso. Ilang beses na siyang lumapit sa mga pulis pero hanggang ngayon, wala pa ring magandang balita sa imbestigasyon nila.

Kaya naman sa sobrang kawalan ng pag-asa, napilitan na lang si Arthur na gumamit ng bagay na may kinalaman sa paranormal.

Ngunit ganoon na lamang ang panlulumo niya nang sabihin ng may-ari na may nakabili na raw sa ghost device. Mahigit dalawang

linggo na raw ang lumipas mula nang mabili ito.

Sobrang nalungkot si Arthur. Balak sana niyang lisanin na ang antique shop pero wala sa loob na bigla siyang napatanong. “W-wala na po ba kayong ibang item dito na may kinalaman sa paranormal?”

Sumagot ang may-ari na matandang lalaki. “May bago akong device dito. Kararating lang three days ago. Isa itong dream recorder.”

Natigilan siya sa narinig at napatitig sa may-ari. “Dream recorder?”

“Isa itong uri ng device kung saan nagagawa nitong i-record ang mga napapanaginipan mo. Kahit ang mga bangungot ay kaya rin nitong i-record.”

Inilabas ng matanda ang device at ipinakita sa kanya. “Oras na mai-record mo na ang panaginip o bangungot mo, kunin mo lang ’yung bala sa loob at isalang sa DVD player para mapanood mo ang sarili mong panaginip.”

Nanlaki ang mga mata ni Arthur sa pagkamangha. Hindi siya nag-atubiling bilhin ang device. “Kukunin ko na po ito! Ngayon din po!”

Ngumiti naman ang matanda at dinala na sa loob ang recording device para ibalot. “Baka gusto mong bumili na rin ng DVD player? Hindi

mo naman kasi mapapanood ang mare-record mo rito kung wala kang player. Bibigyan na kita ng discount.”

Desperado na talaga ang binata kaya isinunod na rin niya ang mungkahi ng matanda. Mabuti na lang at nagbigay ito ng malaki-laking discount kaya may natira pang kalahati sa kanya.

Bago siya umalis ay itinuro na rin ng matanda kung paano gamitin ang device na iyon. Medyo komplikado ito pero nakakasabik gamitin.

Pagkauwi sa bahay ay itinago na muna niya sa kuwarto ang dream recorder. Saka siya nagtungo ng kusina para magluto ng kanyang tanghalian.

Mahigit isang taon na rin mula nang lumipat ng tirahan si Arthur. Dahil sa matinding trauma na ibinigay sa kanya ng malagim na pangyayari noon, hindi na niya kayang manatili pa sa dating tirahan nila ng kasintahan.

Kaya naman lumipat na siya rito sa Maynila para sana tuluyang makalimot. Ngunit pagkaraan ng ilang buwan pagkalipat niya, bigla naman siyang dinalaw ng mga bangungot na may kinalaman sa malagim na pangyayari.

Dahil doon, tuluyan nang bumaon sa

utak niya ang pagkamatay ng kasintahan at hindi na niya iyon mabura pa. Dahil din sa matinding trauma kaya nakalimutan niya ang eksena kung paano ito pinatay ng mga armadong lalaki.

At sa tulong ng dream recorder na ito, nagbabakasakali siyang makakahanap ng sagot sa matagal nang gumugulo sa kanya, upang matuldukan na ang walang katapusang bangungot na ito.

Hindi alam ni Arthur kung ilang beses na dumalaw ang paulit-ulit na bangungot na iyon. Hindi naman niya ito araw-araw napapanaginipan. Ngunit oras na umulit ito sa kanyang pagtulog, natatandaan niya at malinaw sa kanyang alaala na napanaginipan na niya iyon dati. Kaya nakasisiguro siyang bumabalik-balik nga ang panaginip na ito para magbigay ng kung anong pahiwatig sa kanya.

Pagsapit ng gabi ay sinubukan na niya ang dream recorder. Pagkatapos itong mabuksan ay hinintay niyang umilaw ng pula ang maliit na bulb nito sa bandang ilalim. Pagkatapos ay isinaksak na niya sa likod niyon ang mga wire na magsisilbing daluyan para ma-record nito ang panaginip niya. Saka niya idinikit ang mga wire sa kanyang ulo.

May maliit na camera sa bandang itaas ng

dream recorder, at itinutok niya ito sa kanyang sarili. Iyon naman daw ang magsisilbing scanner para makilala siya ng recorder at mas tumibay ang kapit nito sa kanya.

Kapag kasi kilala na ng recorder ang kanyang mukha, mas magiging malinaw ang panaginip na mare-record nito. Kumbaga sa camera, ito ay magiging HD—malinaw, maganda ang kulay, at detalyado ang bawat pixel.

Hindi sigurado si Arthur kung mananaginip ba uli siya sa gabing iyon o kung ano ang mapapanaginipan niya. Pero sinabi ng may-ari ng antique shop na mabuting gamitin daw niya iyon araw-araw. Para kung sakaling dalawin siya ng panaginip ay hindi niya makaligtaang i-record.

Ipinikit na niya ang mga mata at sinubukang huwag mag-isip ng kung anu-ano. Nagbalot na rin siya ng kumot at niyakap ang isang unan para makaramdam ng ginhawa.

Kinabukasan, paggising ng binata ay naalala niyang may napanaginipan siya pero hindi na niya matandaan kung ano iyon. Mabuti na lang ay nakakonekta pa rin sa kanya ang mga wire ng dream recorder kaya paniguradong na-record nito iyon.

Pagkabangon, iyon agad ang inatupag

niya. Matapos tanggalin ang wire sa ulo ay pinindot na niya ang 'Stop' button sa recorder. Saka niya kinuha sa loob ang DVD at isinalang ito sa biniling DVD player na nakakonekta ngayon sa lumang TV niya.

Makalipas ang ilang sandali, nagsimula nang mag-play ang recorded video. Nagtatagal iyon nang ilang oras. Blangko lang ang screen na bumungad sa kanya kaya sinubukan niya iyong i-fast forward.

Pagkarating ni Arthur sa one hour and thirty-four minutes mark ng video, doon na lumabas sa screen ang panaginip niya. Manghang-mangha siya sa napanood. Tunay ngang may kakayahan ang device na makapag-record ng panaginip.

Nakita niya ang sarili na naghuhubad ng saplot sa katawan hanggang sa underwear na lang ang matira. Nasa loob siya ng isang cottage. May pumasok na isa pang lalaki roon at sinabi sa kanya na sumabay na raw siyang mag-swimming dito.

Nagmamadali raw silang lumabas at nagpunta sa pool kung saan nakita niya ang maraming tao na nagsi-swimming. Nang makisali na sila roon, hindi nagtagal ay nagsimula na rin ang wave sa pool kung saan unti-unti silang dadalhin ng alon.

Habang palakas nang palakas ang alon ay lumalakas din ang tawanan at sigawan nila. Sobrang saya raw niya nang mga oras na iyon.

At nang hampasin silang muli ng alon, isang matabang babae ang napatilapon sa kanya, at tumama pa ang puwit nito sa mukha niya.

Doon na huminto ang unang panaginip niya. Ang sumunod naman ay makikita niya ang sarili na naglalakad-lakad sa isang mall habang hinahanap ang job fair. Hanggang sa matagpuan nga niya ito sa third floor at doon siya nagsimulang pumila. May mga nagsuntukan pa raw doon pero di-kalaunan ay naayos din iyon.

Marami siyang napanood na mga panaginip pero lahat ng iyon ay normal lamang. Wala naman siyang nakitang kakaiba. Isang pangkaraniwang panaginip lang ang mga iyon na dumadalaw rin sa iba pang mga tao.

Mukhang hindi pa siya binabalikan muli ng bangungot. Kaya kailangan niyang gamitin ang device na iyon gabi-gabi hanggang sa matiyempuhan niya ito.

Ibinalik muli niya ang DVD sa loob ng dream recorder at pinindot ang delete button upang mabura ang panaginip na naka-record doon at para magamit niya itong muli sa

susunod.

Nang sumunod na linggo, doon siya muling dinalaw ng bangungot na iyon. Kaya naman pagkagising sa umaga ay pinanood agad niya ito sa DVD player.

Nakita roon ni Arthur kung paano sila magkatabi ni Divina sa kama habang naglalambingan. Pagkatapos ay nakita rin niya ang pagpasok ng masasamang loob na nakamaskarang itim sa kanilang tirahan.

Sa isang aparador ay nakita niyang nakatago ang mga jewelry ng babae na nagkakahalaga ng milyon bawat isa. Mukhang iyon ang target ng mga armadong lalaki. Matagal na raw silang minamanmanan ng mga ito at pinag-aaralan kung paano papasukin ang bahay nila.

Sa sumunod na eksena, nakita niya kung paano siya binugbog ng mga ito. Pagkatapos ay kinuha naman ng mga ito ang girlfriend niya at ginahasa sa harap niya mismo. Ilang sandali pa, humugot na ng baril ang isang lalaki at nilapitan ang nobya niya.

Bago pa nito maiputok ang baril, lumabo na ang video at hindi na niya nakita ang sumunod na eksena. Para bang bumaba ang brightness niyon at natakpan ng kung anu-anong particles sa screen kaya naging blurry

na ang buong video.

Bitin na bitin si Arthur sa napanood. Parang gusto niyang magwala sa sobrang galit. Hindi talaga siya matatahimik hangga't hindi niya nalalaman ang kasunod na eksena niyon.

Kaya nang sumunod na araw, ikinonvert niya ang DVD file na iyon sa isang supported format at inilipat sa computer niya. Gamit ang isang video editing software, sinubukan niyang ayusin ang blurry parts ng video sa bandang huli.

Mabuti na lang at may talento siya sa graphic designing at video editing kaya alam niya kung paano iyon palilinawin.

Makalipas ang ilang minutong pagmanipulate sa video, nagawa nga niyang palinawin sa wakas ang huling bahagi. Natanggal na niya ang mga particles na humaharag dito.

Doon niya sinubukang i-play muli ang video. Nakita niya kung paano itinutok ng armadong lalaki ang baril sa ulo ni Divina. Ngunit ilang sandali pa, bigla itong lumignon sa kanya at sumenyas.

Nakita naman ni Arthur ang sarili na tumayo at lumapit dito. Saka raw niya kinuha ang baril at siya ang nagtutok niyon sa ulo ng babae. Walang pag-aatubiling pinaputukan

niya ang ulo ng kasintahan at iyon ang ikinamatay nito.

Pagkatapos ng eksenang iyon, nag-usap-usap daw sila ng mga lalaki. Narinig niya ang sarili na nagsalita. *“Tagumpay ang plano natin, mga pare. Effective ’yung palabas na ginawa natin kanina para mapaniwala siya. Ngayon, solong-solo na natin ang lahat ng pera at alahas sa bahay na ito.”*

Sumagot naman ang lalaking kausap niya. *“Oo nga. Kaya sige, magpalit ka na ng damit. Limasin na natin ang lahat ng puwede nating makuha rito. Pagkatapos ay umalis na tayo. Pero kailangan hindi tayo sama-sama. Mabuti sigurong maghiwa-hiwalay muna tayo pagkatapos ng hatian para walang makahalata sa atin.”*

Tumango naman siya roon at sumang-ayon. At doon na rin nagtapos ang video.

Hindi makapaniwala si Arthur sa napanood. Labis ang panlalaki ng kanyang mga mata. Dumagundong ang kanyang dibdib. Nanginig ang buong katawan niya. Hindi niya napigilan ang pagtulo ng luha. Ngayon ay malinaw na sa kanya lahat kung ano ang tunay na nangyari nang gabing iyon.

Biglang namatay ang monitor ng computer sa harapan niya. At ganoon na lamang ang

kanyang sindak sa nakita sa repleksyon doon. Nasa likuran niya si Divina, duguan ang buong mukha habang matalim ang pagkakatitig sa kanya!